| Aralin 11 | الدرس الحادي عشر |
|---|---|

## Ang Labanan sa Uhud

Naganap ang labanang ito sa pagitan ng mga Muslim at mga Káfir ng Makkah matapos ang isang taon noong naganap ang pagsalakay sa Badr kung saan nagpasya ang mga Mushrik na maghiganti sa mga Muslim matapos ang pagkagapi nila sa laba-nan sa Badr. Humayo sila kasama ng 3,000 mandirigma at hinarap sila ng mga Muslim na humigit-kumulang 700 lalaki. Nagwagi na ang mga Muslim sa unang pagkakataon. Nanaig sila sa mga Káfir. Lumisan ang mga Mushrik na tumatakas patungong Makkah. Subalit bumalik muli sila at napuksa nila ang mga Muslim sa gawing bundok matapos na iniwan ng mga tagapana ang plano na iginuhit para sa kanila ng Sugo ni Allah (SAS). Bumaba sila mula sa tuktok ng bundok upang tipunin ang mga samsam ng digmaan nang nakita nila na tumakas na ang mga Mushrik kaya nakalamang ang mga Mushrik sa labanang ito. Namatayan ang mga Muslim sa labanang ito ng 70 lalaki na ang isa sa kanila ay si Hamzah, ang amain ng Propeta (SAS). Namatayan ang mga Mushrik ng 22 lalaki.

## Ang Pagsalakay sa Khandaq

Matapos ang labanan sa Uhud, may pumunta na isang pangkat ng mga Hudyo sa mga mamamayan ng Makkah. Inudyukan nila ang mga ito na salakayin ang mga Muslim sa Madínah. Nangako sila sa mga ito ng pagtulong at pag-alalay. Kaya naman tinugon sila ng mga ito. Pagkatapos ay inudyukan naman ng mga Hudyo ang ibang mga lipi na salakayin ang mga Muslim. Tinugon sila ng mga ito ng gayon din. Kaya nagsimula ang mga Mushrik sa pagsulong patungo sa Madínah mula sa lahat ng pook hanggang sa nagkatipon sa paligid nito ang humigit-kumulang sa 10,000 mandirigma.

Nalaman na ng Sugo (SAS) ang mga pagkilos ng mga kaaway kaya sinangguni niya ang mga Kasamahan niya hinggil sa bagay na iyon. Nagmungkahi sa kanya si Salmán alFarsíy (RA) na humu-kay ng bambang sa palibot ng Madínah sa dakong walang mga bundok. Nakilahok ang mga Muslim sa paghuhukay ng bambang hanggang sa natapos nang mabilis. Nanatili ang mga Mushrik na nakakampo sa labas ng Madínah sa loob ng humigit-kumulang isang buwan. Hindi nila makayang makalusot sa bambang. Pag-katapos ay nagpadala si Allah sa mga Káfir ng isang malakas na hangin na bumuwal sa mga kubol nila. Kaya dinapuan sila ng pangamba at lumisan nang mabilis pabalik sa mga bayan nila. Ginapi ni Allah nang mag-isa ang mga magkakampi at pinagwagi Niya ang mga Muslim.

## Ang Pagsakop sa Makkah

Sa ikawalong taon ng paglikas ay nagpasya ang Sugo (SAS) na salakayin ang Makkah at sakupin ito. Lumisan siya noong ika-10 ng Ramadán dala ang 10,000 mandirigma. Pinasok niya ang Makkah ng walang labanan sapagkat sumuko ang mga Quraysh at pinagwagi ni Allah ang mga Muslim. Nagsadya ang Propeta (SAS) sa alMasjid alHarám at nagsagawa ng tawáf sa palibot ng Ka'bah. Pagkatapos ay nagdasal ng dalawang rak'ah sa loob nito. Pagka-tapos niyon ay pinagbabasag niya ang lahat ng mga diyos-diyusang nasa loob noon nito at nasa ibabaw nito. Matapos niyon ay tumayo siya sa pintuan ng Ka'bah habang ang mga Quraysh ay nasa ila-lim niya sa tabi ng pintuan nito, na naghihintay kung ano ang gaga-win niya sa kanila. Nagsalita ang Propeta (SAS): ***"O umpukan ng mga Quraysh, ano sa tingin ninyo ang gagawin ko sa inyo?"***

"Mabuti, kapatid na marangal na anak ng kapatid na marangal," sagot nila.

***"Umalis na kayo sapagkat kayo ay mga malaya na,"*** sabi niya sa kanila.

Gumawa ang Sugo (SAS) ng pinakadakilang halimbawa ng pagpapaumanhin sa mga kaaway niya na nagpahirap, pumatay sa mga Kasamahan niya, nanakit sa kanila, at nagpalayas sa kanya sa bayan niya. Matapos ang pagsakop ng Makkah ay pumasok ang mga tao sa Relihiyong mula kay Allah nang pulu-pulutong. Noong ikasam-pung taon ng paglikas ay nagsagawa ang Sugo (SAS) ng hajj. Ito ang kaisa-isang hajj para sa kanya. Nagsagawa ng hajj kasama niya ang higit sa 100,000 tao. Matapos ang hajj ay bumalik ang Propeta (SAS) sa Madínah.